# Leveled Reader
in Filipino

LEVEL 2

# Ang Kayumangging Kuneho





Isinulat ni Họa Mi

Iginuhit ni Trần Minh Tâm


Sinuri ni Efren J. Domingo




Sa Berdeng Kaharian, tahimik na magkakasama ang lahat ng mga hayop.




Isang araw, ipinadala ni Haring Tigre mula sa Lumang Kaharian ang kaniyang mga kawal sa Berdeng Kaharian. Mayabang na nanakot ang mga ito.



“Nasaan ang inyong hari?” sigaw ng isang kawal.
“Sabihin mo na may utos ang Haring Tigre sa kaniya,” dagdag ng kawal. “Wala ang aming hari,” sagot ni Kayumangging Kuneho.



Inutusan ng kawal si Kayumangging Kuneho na sabihin sa kanilang Hari na magbigay araw-araw ng malusog at malinamnam na hayop kay Haring Tigre.



“Tuluyang masisira ang Berdeng Kaharian kapag wala kayong naibigay,” banta ng kawal.



“Kapag sinunod ko ang utos, magiging pagkain ni Haring Tigre ang lahat ng hayop sa Berdeng Kaharian,” nag-aalala niyang kuwento sa kaibigang Pagong.



"Sinusubukan ni Haring Tigre na ipagyabang ang kaniyang lakas sa pamamagitan ng kaniyang boses," banggit ni Pagong matapos makinig sa kuwento. "Kailangan nating malaman kung paano siya haharapin, kung hindi, manganganib tayong lahat," dagdag pa ni Pagong.




Nag-isip sandali si Kayumangging Kuneho. “Maaari mo ba akong bigyan ng isa sa matitigas na kaliskis sa iyong likod?”


Ibinigay niya agad sa mga kawal ni Haring Tigre ang matigas na kaliskis ni Pagong.



“Ito ang isang balat ng aming Hari, hinahamon niya ang inyong Hari sa isang labanan. Kapag natalo ang inyong Hari, kakainin niya kayong lahat nang buhay,” pananakot ni Kayumangging Kuneho.



Matapos tingnan at hawakan ang iniabot ni Kayumangging Kuneho, nabanggit ng isang kawal, “Siguradong napakalaki at malakas ang kanilang Hari.” “Mabuti pang lumayo na tayo sa Berdeng Kaharian,” takot na banggit ng mga kawal.



Mula noon wala nang mga hayop ang nagbalak pang manggulo sa Berdeng Kaharian. Salamat sa matalino at matapang na plano ni Kayumangging Kuneho para sa kapayapaan ng mga hayop.

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION
USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE
RTI
INTERNATIONAL
The Asia Foundation